Inclusive Employment Australia

Finding careers for people with disability

Mga Plano sa Trabaho at pakikipagtulungan sa iyong tagapagbigay ng serbisyo (provider)

Magkakaiba ang patutunguhang daan ng bawa't tao sa paghahanap ng trabaho. Kung ikaw ay kalahok sa programa ng Inclusive Employment Australia, tutulungan ka ng iyong provider na makakita ng trabaho at papaghandain para sa trabaho. Tutulungan ka rin nila sa lugar ng iyong trabaho pagkatapos mong makuha ito kung kailangan mo ng patuloy na suporta.

Paggawa ng Plano ng Pagtatrabaho (Job Plan)

Kapag nagsimula ka na sa programa ng Inclusive Employment Australia, tutulungan ka ng iyong provider na gumawa ng Job Plan.

Ang iyong Job Plan ang siya mong kasunduan sa iyong provider tungkol sa iyong gagawin para makahanap ng trabaho.

Mga klase ng Job Plan

Ang Inclusive Employment Australia ay may dalawang klase ng Job Plan:

- Makahulugang Pakikipag-ugnayan na Job Plan (Meaningful Engagement Job Plan), o
- Detalyadong Job Plan (Detailed Job Plan).

Ang Makahulugang Pakikipag-ugnayan na Job Plan (Meaningful Engagement Job Plan)

Ang **Meaningful Engagement** ay ang aktibidad na nakipagkasundo kang gagawin bilang bahagi ng iyong Job Plan. Ito ay:

- sapilitan kung kailangan mong lumahok sa Inclusive Employment Australia upang matanggap ang iyong Income Support Payment (Bayad na Pangsuporta sa Kita), o
- boluntaryo kung nagboluntaryo kang tumanggap ng suporta sa pamamagitan ng Inclusive Employment Australia.

Kung ikaw ay nasa **Meaningful Engagement Job Plan**, ibig sabihin ay pumayag kang manatiling nakikipag-ugnayan sa iyong provider at gumawa ng mga aktibidad para matulungan kang makamit ang iyong layunin sa pagka-empleyo.

Sa labas na ng Job Plan, ikaw rin ay papayag sa mga bagay na katulad ng:

- kung paano ka mananatiling nakikipag-ugnayan sa iyong provider
- kailan, saan at gaano kadalas kang dadalo sa inyong mga tipanan ng iyong provider
- mga ipinagagawa at aktibidad na pumayag kang gagawin, habang ang mga ito ay tama para sa iyo
- paano at kung kailan susuriin ang iyong progreso.

Kausapin ang iyong provider kung paano mo gustong masubaybayan itong mga aktibidad.

Kung nanatili kang nakikipag-ugnay sa iyong provider at ginagawa ang mga aktibidad na kinasundo mo, pwede kang mamalagi sa Meaningful Engagement Job Plan.

Detalyadong Job Plan (Detailed Job Plan)

Ang isang **Detailed Job Plan** ay para sa mga taong kailangang lumahok sa Inclusive Employment Australia ngunit hindi nagpatuloy ng pakikipag-ugnayan sa kanilang provider at walang masabing dahilan sa hindi pagtupad sa kanilang kinasundong gagawin.

Ang ganitong klase ng plano ay kinabibilangan ng mga aktibidad na iyong gagawin bilang bahagi ng iyong programa.

Ikaw at ang iyong provider ay magkatulong na magpapasya kung anong mga aktibidad at suporta ang dapat na nasa iyong Job Plan batay sa iyong mga kalakasan, mga layunin sa trabaho at mga kinakailangang suporta.

Ang ilang mga halimbawa sa iyong mga gagawin at aktibidad ng iyong Job Plan ay maaaring:

- pagsasanay, pagpapalago ng kahusayan at mga serbisyong pangsuporta para mas mapahusay ang mga pag-asang tinitingnan mong trabaho
- iba pang mga suporta katulad ng counselling, physiotherapy, o pain management
- pagkakaroon ng karanasan sa trabaho (work experience) at mga pagboluntaryong mailagay sa trabaho
- pagtawag sa mga taga-empleyo at pagdalo sa mga interbyu sa trabaho
- may-bayad na trabaho o nagtatrabaho para sa sarili.

Magkasama kayo ng iyong provider na mag-a-update ng iyong Job Plan kung kinakailangan.

Ano ang kahulugan ng nakipagkasundo sa iyong Job Plan

Kapag nakipagkasundo ka sa isang Job Plan, sumang-ayon kang manatiling makikipag-ugnay sa provider at gagawin sa tamang panahon ang mga aktibidad na nasa Job Plan.

Ang unang hakbang matapos mo at ng iyong provider na maisulat ang iyong Job Plan ay suriin ito. Mababasa mo o maida-download ang iyong Job Plan sa pamamagitan ng pag-log-in sa iyong account sa Workforce Australia.

Hindi ka kailangang sumang-ayon sa Job Plan sa mismong araw na iyon. Mayroon kang 2 araw na may-opisina para basahin ang iyong Job Plan at suriin kung sang-ayon ka sa lahat na naroon. Maaari mong kausapin ang sinuman sa iyong pinagkakatiwalaang tao ang tungkol sa iyong Job Plan, katulad ng tagataguyod (advocate) ng may-kapansanan, tagapag-alaga, o kamiyembro ng pamilya.

Kung kailangan mo ng karagdagang oras para pag-isipan ang tungkol sa iyong Job Plan, sabihin mo sa iyong provider.

Makakahanap ka ng provider ng tagataguyod ng may kapansanan (disability advocacy) sa iyong lugar sa pamamagitan ng pagbisita sa Disability Advocacy Finder (www.askizzy.org.au/disability-advocacy-finder).

Matapos suriin ang iyong Job Plan, maaari kang makipagkasundo sa isa sa mga paraan na ito:

- personal na sabihin sa iyong provider na pumapayag ka o sa pamamagitan ng telepono, o
- sa pamamagitan ng pagla-log-in sa website ng Workforce Australia o app.

Paano ngayon kung hindi ako sang-ayon sa aking Job Plan?

Ang unang hakbang ay kausapin ang iyong provider kung may itatanong ka o gustong baguhin sa iyong Job Plan, o ang mga aksyon para suportahan ang iyong Job Plan.

Kung hindi kayo magkasundo ng iyong provider tungkol sa mga pagbabagong gusto mo sa iyong Job Plan, tawagan ang National Customer Service Line sa **1800 805 260**. Ito ay isang libreng serbisyo na nakakatulong para pag-usapan ang anumang mga katanungan mo tungkol sa iyong Job Plan o sa provider.

Paano kung hindi ko magagawa ang bagay na sinang-ayunan ko?

Kung hindi mo magagawa ang pinagkasunduan, sabihin mo kaagad sa provider hangga't maaga pa. Maaaring magtanong sila kung bakit hindi mo magagawa para naman maunawaan nila ang iyong katayuan at magawang baguhin ang iyong Job Plan kung kinakailangan.

Karagdagang impormasyon

Matatagpuan mo ang karagdagang impormasyon at mapagkukunan sa website ng Inclusive Employment Australia (www.dss.gov.au/inclusive-employment-australia) o matatawagan mo ang National Customer Service Line sa **1800 805 260**.

- Mga tagagamit ng Speak and Listen na telepono, tawagan ang 1300 555 727 at hingin ang 1300 653 227.
- Kung ikaw ay bingi/Bingi (d/Deaf), hirap-makarinig o may mga problema sa pagsasalita, gamitin ang National Relay Service para tawagan ang telepono ng National Customer Service Line. Para sa karagdagang impormasyon, puntahan ang www.accesshub.gov.au.
- Kung kailangan mo ng interpreter, tumawag sa TIS National sa **131 450*** at patawagan ang **1800 805 260**.

* Mga singil sa tawag ay maaaring ilapat para sa mga tawag sa '13' at '1800' na mga numero mula sa mga teleponong mobile.

Ang mga antas ng singil sa tawag mula sa landline at mga provider sa teleponong mobile ay maaaring magkakaiba. I-tsek sa kasalukuyan mong provider sa telepono.